5

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# Baitang 5 FILIPINO Modyul 5


**Development & Editorial Team**

| | |
|---|---|
| **Writer:** | Ms. Benilyn L. Abay-abay |
| **Illustrator:** | Ms. Benilyn L. Abay-abay |
| **Layout Artist:** | Mrs. Arlyn P. Duque |
| **Content Editors:** | Mrs. Ofelia F.Cruz Ms. Marites M.Tabor |
| **Language Editors:** | Mrs. Ofelia F.Cruz Mrs. Gina C. Gungon Mrs. Mara Beatriz R. Ham |
| **Management Team:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR |
| | Dr. Mauro C. De Gulan, SDS SDO-Malabon City |
| | Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR |
| | Dr. Josefina M. Pablo, CID Chief SDO-Malabon City |
| | Dr. Ma. Gloria G. Tamayo EPS, FILIPINO - NCR |
| | Mr. Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR |
| | Ms. Ofelia F. Cruz SDO EPS, Filipino/ MTB Malabon City |
| | Ms. Dalisay E. Esguerra, LR EPS SDO-Malabon City |
| | Ms. Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR |
| | Ms. Ana Lisa M. Mesina, PDOII SDO-Malabon City |



**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)**

# MODYUL 5: PAGSUSURI KUNG ANG PAHAYAG AY OPINYON O KATOTOHANAN WASTONG PAGGAMIT NG PANG-ANGKOP

## Inaasahan

- Nasusuri kung ang pahayag ay opinyon o katotohanan F5PT-IIIC-H -10
- Nagagamit nang wasto ang pang-angkop sa pakikipagtalastasan F5PS-ILB-E-3.1

## Unang Pagsubok

Panuto: Suriin ang bawat pahayag. Isulat sa patlang kung ang bawat pahayag ay katotohanan o opinyon.

________1. Masayang tumira sa lalawigan.

________2. Luzon ang pinakamalaking pulo sa Pilipinas.


________3. Marami ang mahilig manood ng *Koreanovela*.

________4. Nakatutuwang masdan ang mga bituin sa kalawakan..

________5.. Ang Caloocan, Valenzuela, Malabon at Navotas ay kabilang sa rehiyong NCR

## Balik-Tanaw

**A. Panuto:** Masdan ang larawan. Ano-ano ang mga nakikita mo sa larawan? Itala ang iyong mga nakita.



1. _______________
2. _______________
3. _______________
4. _______________
5. _______________

Tanong: Ano ang tawag sa mga salitang iyong isinulat?

______________________________________________

**B. Panuto:** Muling masdan ang larawan. Sagutin ang mga sumusunod:

1. Ano ang masasabi mo sa bata? ___________
2. Ano ang masasabi mo sa babae? ___________
3. Ano ang masasabi mo sa bundok? ___________
4. Ano ang masasabi mo sa paligid? ___________
5. Ano ang masasabi mo sa mga halaman? ___________

Tanong: Ano naman ang tawag sa mga salitang iyong isinulat?

______________________________________________

## Maikling Pagpapakilala sa Aralin

Maraming impormasyon ang nababasa natin sa diyaryo o pahayagan, *internet, social media*, aklat, o naririnig mula sa mga programa sa radyo at napapanood sa telebisyon.

Mahalagang malaman natin kung ang isang pahayag o sinasabi ay katotohanan o opinyon.

Ang **katotohanan** ay nagpapahayag ng mga bagay o pangyayaring may patunay at sapat na batayan. Ito ay mga tunay na nangyari o naganap.
Halimbawa: Ang araw ay isang bituin. Kung wala ang matinding init at enerhiya na nagmumula sa araw ay walang buhay sa mundo.

Ang **opinyon o kuro-kuro** ay isang pahayag na batay lamang sa damdamin, palagay, isipan, saloobin, o pananaw at paniniwala ng isang tao. Ito ay walang sapat na batayan at hindi pa napatunayang totoo.

Ang mga palatandaang salita ay:

| | |
|---|---|
| tila | siguro |
| pakiramdam ko | sa palagay ko |
| sa pakiwari ko | naniniwala ako |
| sa tingin ko | para sa akin |
| kung ako ang tatanungin | |

Halimbawa: Pakiramdam ko, walang magandang dulot ang sobrang init ng araw dahil natutuyo ang mga ilog at lawa natin.

Ito ay isang opinyon lamang sapagkat hindi napatunayan na lahat ng ilog at lawa ay natutuyo.

Ang **na, ng** at **g** ay tinatawag na PANG-ANGKOP. Ang pang-angkop ay ginagamit sa pag-uugnay ng dalawang salita.

Basahin ang mga halimbawa:

bata**ng** matulungin
babae**ng** masipag
halaman**g** malalago

bundok **na** mataas
paligid **na** malinis

Ang pang-angkop na **na** ay ginagamit kapag ang unang salita ay nagtatapos sa katinig maliban sa n.

Halimbawa: maliit **na** baso

Ang **– ng** ay idinudugtong kapag ang unang salita ay nagtatapos sa patinig. (a, e, i, o, u)

Halimbawa: basa**ng** papel

Ang **– g** ay idinudugtong kapag ang unang salita ay nagtatapos sa n.

Halimbawa: luntian**g** kapaligiran

## Gawain

**A. Panuto:** Basahin at suriin ang mga pahayag. Isulat ang **K** sa patlang kung ang pahayag ay katotohanan at **O** kung opinyon.

________1. Si Dr. Jose P. Rizal ang ating pambansang bayani.
________2. Ipinanganak si Dr. Jose Rizal noong ika-19 ng Hunyo 1861 sa Calamba, Laguna.
________3. Mahirap intindihin ang Noli Me Tangere at El Filibusterismo.
________4. Ipinagdiriwang ang Araw ni Rizal tuwing ika-30 ng Disyembre.
________5. Sa aking palagay, si Dr. Jose Rizal ang pinakamahusay na manunulat.

**B. Panuto:** Piliin ang wastong pang-angkop sa loob ng panaklong upang mabuo ang mga pangungusap.

1. Siguro may bagyo kasi kapansin-pansin ang madilim (na, ng, g) kalangitan.
2. Hangin (na, ng, g) malakas ang maaaring makapagpatumba sa mga punong kahoy.
3. – 4. Kaygandang pagmasdan ng mga luntian (na, ng, g) halaman na nakatanim sa matataba (na, ng, g) lupa ng kapatagan.

5. Halika at akyatin natin ang isa sa matatarik (na, ng, g) bundok sa Pilipinas.

## Tandaan

- Ang **katotohanan** ay nagpapahayag ng mga bagay o pangyayaring may patunay at sapat na batayan. Ito ay mga tunay na nangyari o naganap.

- Ang **opinyon o kuro-kuro** ay isang pahayag na base lamang sa damdamin, palagay, isipan, saloobin, o pananaw at paniniwala ng isang tao. Ito ay walang sapat na batayan at hindi pa napatunayang totoo.

- Ang **na, ng** at **g** ay tinatawag na **Pang-angkop**.

- Ang **Pang-angkop** ay ginagamit sa pag-uugnay ng dalawang salita.

## Pag-alam sa Natutuhan

**Panuto:** Tukuyin kung katotohanan o opinyon ang nakasaad sa bawat bilang. Isulat sa patlang.

________1. Ang Pambansang Awit ng Pilipinas ay Lupang Hinirang.

________2. Si Julian Felipe ang kompositor ng Lupang Hinirang.

________3. Sa aking palagay, mahusay sumulat ng komposisyon si Julian Felipe.

________4. Ang watawat ng Pilipinas ay may puti, bughaw, pula at dilaw na kulay.

________5. Maganda ang kulay ng watawat ng Pilipinas.

## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto:** Bilugan ang wastong pang-angkop na dapat ipuno sa bawat pahayag sa loob ng dayalogo. Tukuyin kung ito ay opinyon o katotohanan. Ilagay ito sa talahanayan.

**Ana:** Siguro, uulan ngayon. **(1)** Kapansin-pansin kasi ang madilim **(na, ng, g)** kalangitan.

**Maria:** Oo nga. **(2)** Ramdam din natin ang malakas **(na, ng, g)** hangin. Isa ito sa mga palatandaan na may bagyong paparating ayon sa PAG- ASA.

**Ana:** Ayon din sa balita, suspendido ang klase. **(3)** Delikado kasi kung may klase pa ang mga bata **(na, ng, g)** mag-aaral.

**Maria:** Tama, ka riyan. Sa palagay ko, aapaw ang mga ilog at babaha.
**(4)** Kaya dapat tayo **(na, ng, g)** mag-ingat at maghanda.

**Ana:** Naku! Baka mawalan ng kuryente. **(5)** Diyan ka muna at ako'y bibili ng marami **(na, ng, g)** kandila.

**Maria:** Sige, paalam. Mag-iingat ka.

Isulat sa tamang hanay ang mga pangungusap sa ibaba.

_________ 1. Ang PAG-ASA ang ahensya na nangangasiwa sa mga bagay na may kinalaman sa lagay ng panahon.

_________ 2. Ang ilog ay anyong tubig.

_________ 3. Ang malakas na hangin at madilim na kalangitan ay ilan sa mga palatandaang masama ang panahon.

_________ 4. Kapag masama ang panahon, mawawalan ng kuryente.

_________ 5. Lahat ng balita sa pahayagan ay totoo.

| KATOTOHANAN | OPINYON |
|---|---|
| | |
| | |
| | |

**Susi sa Pagwawasto**

**Unang Pagsubok**

1. opinyon
2. katotohanan
3. opinyon
4. opinyon
5. katotohanan

**Balik Tanaw:**

A. 1-5. Maaaring magkaroon ang mga bata ng iba't ibang kasagutan batay sa kanilang nakikita sa larawan.

B. 1-5. Maaaring magkaroon ang mga bata ng iba't ibang kasagutan batay sa kanilang paglalarawan.

**Gawain 1:**

**A.**
1. K 2. K 3. O 4. K 5. O

**B.**
1. na 2. g 3. g 4. ng 5. na

**Pag-alam sa Natutuhan:**

1. Katotohanan
2. Katotohanan
3. Opinyon
4. Katotohanan
5. Opinyon

**Pangwakas na Pagsusulit:**

1. na
2. na
3. ng
4. ng
5. ng

| KATOTOHANAN | OPINYON |
|---|---|
| Ang PAG-ASA ang abensya na nangangasiwa sa mga bagay na may kinalaman sa lagay ng panahon. | Kapag masama ang panahon, mawawalan ng kuryente. |
| Ang ilog ay anyong tubig. | Lahat ng balita sa pahayagan ay totoo. |
| Ang malakas na bangin at madilim na kalangitan ay ilan sa mga palatandaang masama ang panahon | |

**Sanggunian**

Deped Learning Portal, MISOSA SIMs as of May 4, 2012 Filipino 4

(Revised Nov.23, 2009